Dalhin at ipakita ang tarhetang ito sa iyong doktor.

Mabuting ang sariling doktor mo ang magbigay ng eksamen upang siya rin ang magsusubaybay sa iyong kalusugan.

Minamahal na Dr. _____,
(panglan ng inyong doktor)

Nais kong gawin ito:

___ **Ma-eksamen para sa Hepatitis B.**

___ **Mabigyan ng bakuna.**

___ **Malaman ang aking kalagayan tungkol sa Hepatitis B.**
Maaring ako'y na-eksamen na ngunit hindi ako sigurado.

Kung wala kayong sariling doktor, pumunta ka sa mga libre o murang serbisyo para sa mga residente ng San Francisco na nakalista sa ibaba.

Tawagan mo para malaman ang oras na sila ay bukas.		
API Wellness Center	730 Polk Street, 4/F	(415) 292-3400
Chinatown Public Health Center	1490 Mason Street	(415) 364-7910
Chinese Hospital	845 Jackson Street	(415) 677-2303
Excelsior Health Services	888 Paris Street	(415) 677-2488
North East Medical Services (NEMS)	2574 San Bruno Avenue	(415) 391-9686
South of Market Health Center	551 Minna Street (new location TBA)	(415) 626-2951
Sunset Health Services	1800 31st Avenue	(415) 677-2388
Sutter Pacific @ CPMC	2340 Clay Street, 3/F	(415) 600-1360
UCSF Medical Center at Mt. Zion	2330 Post Street	(415) 885-3580

Ang mensaheng ito ay serbisyo sa iyo at sa publiko ng San Francisco Hep B Free Campaign. Marami pang impormasyon sa SFhepBfree.org.

Tigilan ang Katahimikan tungkol sa HBV

» Hepatitis B (HBV) ang pinakamalubhang pangkaraniwan na impeksiyon sa atay at maaaring maging dahilan ng maagang pagkamatay.

» Isa bawat sampung (1:10) Asyano ay nabubuhay na may sakit na Hepatitis B.

» Karamihan ay hindi alam na apektadato sila ng impeksiyon.

» Isa sa bawat apat (1:4) na tao na may impeksiyon na Hepatitis B ay mamamatay sa kanser o sa pinsala sa atay. Ngunit ito ay maiiwasan sa nararapat na eksamen, pag-subaybay, at pag-papagamot.

Kahit na malusog ang pakiramdam, maaring apektado na kayo ng impeksyon

Hepatitis B ay mapanganib dahil wala itong simtomas kahit na ang eksamen sa dugo ay normal. Kung mayroon na kayong nararamdaman na simtomas, kagaya ng sakit sa tiyan, paninilaw ng mata, ihi at balat, kalimitan ay malala na ang sakit at huli na para magiging epektibo ang paggamot.

Maagang Pagtuklas ay ang Susi

Mahalaga sa inyo at sa inyong pamilya na magpa-eksamen sa Hepatitis B dahil ito and pinaka-mapanganib na banta sa kalusugan ng mga Asyano.

» Magpa-Eksamen

Hingin sa inyong manggagamot ang mga sumusunod na eksamen sa dugo:

Hepatitis B surface antigen (HBsAg):
Para malaman kung mayroon kayong matalak na impeksiyon sa Hepatitis B.

Hepatitis B surface antibody (anti-HBs):
Para malaman kung protektado kayo laban sa HBV.

HBsAG ang eksamin sa dugo ay para malalaman kung kayo ay matagal nang may impeksyon mula sa Hepatitis B.



» Magpabakuna

Kung ang inyong HBsAg at anti-HBs na eksamen sa dugo ay negatibo, ibig sabihin na hindi kayo protektado at kailangan kayong magpabakuna laban sa Hepatitis B.Tiyakin na ang inyong sanggol ay mapabakunahan din pagka-silang.

Ang bakuna laban sa Hepatitis B ay tatlong (3) serye na binibigay sa loob ng anim (6) na buwan para ma-protektahan kayo habang buhay.

Ang bakuna ay napaka-epektibo laban sa HBV at kanser sa atay kaya natawagan ito na "ang unang bakuna laban sa kanser" ng World Health Organization.

Source: Asian Liver Center at Stanford University